# Tungkulin ng taong Muslim ang pagdinig at ang pagtalima [sa pinuno] sa anumang naibigan niya at kinasuklaman niya malibang nag-utos sa kanya ng isang pagsuway sapagkat kapag nag-utos sa kanya ng isang pagsuway ay walang pagdinig at walang pagtalima.

Ayon kay Ibnu `Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa: "Tungkulin ng taong Muslim ang pagdinig at ang pagtalima [sa pinuno] sa anumang naibigan niya at kinasuklaman niya malibang nag-utos sa kanya ng isang pagsuway sapagkat kapag nag-utos sa kanya ng isang pagsuway ay walang pagdinig at walang pagtalima."

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang ḥadīth na ito ay paglilinaw sa pagkatungkulin ng pagdinig at pagtalima sa pinuno sa anumang ipinag-uutos niya, maging ang utos niya man ay kabilang sa naiibigan natin o kinasusuklaman natin, malibang mag-utos sa atin ng isang pagsuway sapagkat walang pagdinig at walang pagtalima sa pagsuway na ito lamang.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6370